

Tender Deception

1

Napakalakas sa pandinig ni Liezl ang maharot na tugtugin. Parang mababasag na ang eardrums niya. Nangangatog siya sanhi ng malamig na hanging ibinubuga ng air-con. Iyon ay sa kabila ng kung ilang patong niyang kasuotan. Kung di pa nga siya nangunyapit sa posteng malapit sa entrada ng stage ay baka dumausdos na siya sa sahig dahil sa sobrang panginig.

Napangiwi siya nang magbaba ng tingin at makita ang kanyang suot—isang trench coat na gawa sa makintab na tela. Sa ilalim niyon ay mahabang bestida, Chinese neckline ang tabas ng kuwelyo at sa ilalim naman niyon ay isang palda at blusa na wari niya ay uniporme sa isa sa mga exclusive na paaralang pambabae. Kung titingnan ay balot na balot siya, pero batid niyang ilang minuto lang ay matatalupan siya.

Luminga-linga si Liezl para hanapin ang manager ng club. Sasabihin niyang nagbago na siya ng isip.

“Girl, ’wag mong sabihing ngayon ka pa aatras.” Tinapik siya sa balikat ng babaeng katatapos lang mag-perform sa entablado. “Malapit ka na kaya chin up kaya mo ’yan.”

Nginitian niya ito.

Napailing si Liezl. Kung paanong nakakapaglakad ito nang tila walang anuman ang pagiging hubo't hubad ay di niya mawari. Naulinigan niya ang pito ng mga nanonood kaya nahulaan niyang nagsimula na ang routine ng babaeng susunod na maghuhubad. Siya na ang kasunod nito at ngayon pa lang ay tinatakan na siya ng lakas ng loob.

Nabitawan niya ang poste para hapitin sa katawan ang coat. Kasabay niyon, animo may nagsindi ng TV sa kanyang utak, naglaro ang mga tagpong naghatid sa kanya sa entabladong iyon....

Kanina pa nakatulala sa computer si Liezl. Kasalukuyan siyang gumagawa ng masteral thesis, *The Effects of Poverty on Human Behavior*. Ang specific topic niya ay ang epekto ng prostitusyon sa pagkatao ng kababaihan.

“Hoy, masira ang mata mo diyan!”

Napalundag siya nang may tumapik sa kanyang balikat.

“Pambihira ka naman, Mia!” yamot niyang sita sa nabalingang dalaga. College pa lang ay magkaibigan

na sila at ngayong kapwa sila may mga trabaho na—siya bilang staff sa isang testing agency at si Mia bilang writer sa isang magazine—ay naipasya nilang mag-share na lang ng apartment. Nasa probinsya pareho ang mga pamilya nila at mas makakatipid sila kung hati na lang sila sa bayarin sa bahay.

“Paano kasi, wala kang kakurap-kurap diyan. Gusto mo bang matuyuan ng eyeballs?” napapatawang saad nito.

“Nakakainis kasi, eh.” Dinampot niya ang ilang printed pages na nasa ibabaw ng computer table saka muling ibinato ang mga iyon. “Hirap na hirap ako dito sa thesis ko.”

“Akala ko ba nakakuha ka na ng mga datos at kailangan mo na lang pagkone-konektahin at ipaliwanag ang mga iyon?” Umupo sa tapat ng computer si Mia at pinasadahan ng tingin ang naisulat na niya.

“Napaka-dry. Okay, it’s a thesis at kalimitan, dry and boring ang mga ’yan pero parang walang kabuhay-buhay. Halatang pinagdugtong-dugtong lang lahat ng nababasa ko sa libro, magazines at ibang clinical dissertations. It needs more depth.”

“Gusto ko pa naming makakuha ng mataas na

grade sa Masters ko at nang umangat-angat na ang posisyon ko sa opisina. Sawa na 'ko sa kaka-check lang at kakalagay ng score sa mga test papers ng nagpapa-exam sa amin, eh.”

“Well, ang sekreto ng pagiging exciting at interesting ng mga artikulong ginagawa namin ay ang paglabas sa field. You know, get to know your subject well na para bang halos ikaw na mismo iyon,” payo nito. “I got it!” Napapitik ito. Halatang may ideyang nabuo sa isipan.

“Ano iyon? Kinakabahan ako sa iyo, eh.”

“Si Clarence. Di ba bago nag-Japan ang isang iyon, eh, nagtrabaho muna siya bilang dancer sa kung saan-saang club?” anito na ang tinutukoy ay ang isang kapitbahay nila.

“Na-interview ko na siya.”

“Kulang iyon. Kausapin mo siya para isama ka sa mga dating pinagtatrabahuan niya. You know, get the feel of the place, kausapin ang mga babaeng nagtatrabaho doon. In fact, you should go there on a show night para makita mo rin ang reaksiyon ng audience sa pagsasayaw ng mga babae.”

“Ano? Manonood ako ng bold show?” Nanlaki ang kanyang mga mata at napahumindig.

“Hoy, Manang! Iyon po ang topic ng thesis n’yo ’no! I assure you, malaki ang maitutulong niyon para maging masmalaman iyang isinusulat mo.”

“Pero... pero...”

“Live a little. Hindi ko sinasabing magsayaw ka nang hubad although I might be tempted to try it kung ako ang nasa lugar mo. Just go and watch. Suggestion lang ’yon. Nasasaiyo na iyon kung susundin mo o hindi. Well, I have to go.”

“Aalis ka ulit?”

“Umuwi lang naman ako para kunin ang mga gamit ko. Tanda mo, ngayon naka-schedule na pagsama ko sa inspeksyon ng isa sa mga power plants sa Norte. Liblib na lugar ang kinaroroonan ng planta at kailangan daw pang-hiking ang isuot ng mga sasama. O sige, baka maiwan ako ng chopper na susundo sa mga journalists. Nagmamadali na itong umakyat sa hagdanan.

Nakaramdam ng pananaghili si Liezl habang inihahatid ng tingin ang kaibigan. Noon pa man, ito na ang mas daring sa kanilang dalawa. Hindi nga niya mawari kung paano sila naging magkaibigan gayong magkaibang-magkaiba ang personalidad nila. Siya ay seryoso at tahimik; kalog at masayahin naman si

Mia. May pagkakimi siya; daring at adventurous ang kaibigan.

Natagal na niyang naamin, isang sekretong bahagi ng kanyang pagkatao ang umaasam na sana ay maging katulad siya ni Mia. Gusto niyang maging mas daring at adventurous, hindi iyong parang parati siyang may kinakatakutan. Halata kasing mas exciting ang buhay ng kaibigan.

I guess it wouldn't hurt kung susubukan ko ang suggestion niya. Maano ba namang kausapin niya si Clarence? Kamuka-mukat ay wala na pala itong contact sa mga dating pinagtatrabahuhan. Matagal na itong nakabalik mula sa pag-ja-japayuki at ngayon ay may maliit nang grocery. Ipinuhunan nito ang kinita sa Japan. Di malayong gusto na nitong kalimutan ang di kaaya-ayang nakaraan.

Nang bumaba si Mia upang umalis ay sinabayan niya ito sa paglabas. Naipasya niyang sundin ang payo nitong kausapin si Clarence.

Tinalikdan man ni Clarence ang dating pamumuhay ay hindi raw ito nakalimot sa pinagmulan. Katunayan, marami pa itong kakilala sa mga dating pinagtatrabahuhan. Madali niya itong napakiusapang

samahan siya. Sa mga clubs ay nag-interview si Liezl ng mga GROs at mananayaw. Pati managers ay kinapanayam niya. At habang ginagawa iyon ay nagkaroon siya ng ideya kung bakit nag-e-enjoy sa trabaho nito si Mia. Napakarami nga niyang nalalaman at natututunan sa simpleng pakikipagkuwentuhan lang.

Kinapanayam din niya ang star dancer ng *Red Lion Pub*. Kaiba sa mga napuntahan na niyang clubs, mas exclusive ang clientele ng *Red Lion Pub*.

Ayon na rin sa kapitbahay, pawang mayayaman ang karamihan sa mga customers nito. Kaya ang mga dancers at GROs ng club, pati na ang mga waitresses ay hindi rin basta-basta. Disente ang hitsura, ayos, at pananalita ng mga ito.

Nag-suggest ito na subukan niyang sumayaw na sinegunduhan ng bold show dancer na si Patty. Ayon sa kanila, mahirap malaman ang damdamin ng isang babaeng nagbebenta ng kasiyahan kung di iyon masusubukan. Puwede siyang huwag mag-all the way, pasayaw-sayaw lang pero hindi magtatalop nang todo.

Mas madali raw niyang maiintindihan ang sinasabi ng mga ito kung mararanasan niya mismo ang pagsasayaw sa harap ng mapanuring mga mata.

Kakausapin daw ni Clarence ang dating boss nito.

Pero mariin ang kanyang pagtanggi.

“You should have tried it!” bulalas ni Mia nang ikuwento niya ang mungkahi ng dalawang mananayaw.

“Hello, nasisiraan ka na ba? Pасasayawin mo ’ko sa harap ng madla? Mag-isa nga lang akong magsayaw, eh, nadadapa pa ‘ko.”

“Magpa-practice ka muna bago ka sasabak siyempre. I’ll teach you.”

Napangiwi si Liezl. “Hindi ko alam na ambisyon mo palang maging ago-go dancer.”

“May ginawa akong artikulo noon tungkol sa mga babaeng nasa ganyang propesyon, remember? Gusto ko ngang subukang magsayaw din, pero hindi naman ganoon kalalim ang artikulong pinagagawa sa akin kaya masyadong over kung mag-a-undercover ako. Pero pag nagkaroon din lang ng pagkakataon, I’d be willing to try it.”

Hindi na niya ikinagulat iyon. Kung anu-ano na ang nasubukan ng kaibigan—nag-night scuba diving, nagtrabaho bilang dispatyadora, kahit nga sa isang

illegal factory ay namasukan ito para sa isinusulat na artikulo.

“Hindi ako kasing-tapang mo,” konklusyon ni Liezl.

“Kaya mo rin iyon. Konting tibay lang dito.” Itinuro nito ang dibdib.

Ano nga kaya ang pakiramdam ng isang taong brave and daring? Habang nakahiga sa kama si Liezl at nakatunghay sa kadiliman ay iyon ang naglalaro sa kanyang isipan. Kontento na ba siya sa buhay niyang napakatahimik? Kung ikukumpara sa dagat, wala itong alon. Basta patag lang ang pagdaloy.

Beinte-cinco na siya. Ayon kay Clarence, maituturing na isang papuri ang sabihan siya ni Patty na subukang magsayaw. Dahil sa mundo ng mga katulad nito, matanda na siya.

Naalala niya si Mia. Matagal na siyang may lihim na inggit dito. At madalas ay nagagalit siya sa sarili dahil wala siyang tapang na subukan ang ibang uri ng pamumuhay.

I'll do it, sa dakong huli ay naipasya niya. At kahit malalim na ang gabi ay tinawagan niya si Clarence

Tender Deception - Kayla Caliente

para ipaalam dito ang kanyang pasya. Dahil kung ipagpapabukas pa niya ito ay tiyak na magbabago na ulit siya ng isip.....

Masigabong palakpakan ang nagpabalik ng diwa ni Liezl sa kasalukuyan. Muli siyang napakapit nang mahigpit sa poste. Siya na ang susunod na isasalang sa entablado. Nagsisimula na nga ang musikang sasayawan niya.

Hindi ko kaya! Bumuwelta siya at akmang tatakbo pabalik ng dressing room pero nasa likuran na niya si Josef.

“Naiinip na ang mga parokyano,” anito saka ubod-lakas siyang tinulak.

Pasadsad siyang napalugmok sa stage at kasabay niyon ang pagtapat sa kanya ng spotlight.

Hindi makakilos si Liezl. Parang naningas ang buo niyang katawan. Nagsisimula na ang alingasngas ng mga kliyenteng malapit sa entablado.

“Do it. Now!” giit ni Josef mula sa gilid ng stage.

Napalunok siya. Iyon na ang pagkakataon niya para patunayan sa sariling kaya niya ang ginagawa ni Mia. Ilang beses siyang huminga nang malalim

saka sinimulan ang paggiling.

Naghiyawan ang mga manonood. Dalawang araw nila iyong inensayo ni Mia, at tinulungan din siya ni Clarence. Sa simula ay mangatug-ngatog talaga siya, pero sa kalaunan ay nagawa niyang kumbinsihin ang sarili na trabaho lang iyon.

Nagsimula siyang analisahin ang nararamdaman at noon niya na-realize, kay layo ng aktuwal na karanasan sa isang nababasa lang. Tiyak, uusok ang thesis niya pagkatapos ng gabing iyon. Tingnan lang niya kung di siya makakuha ng pinakamataas na marka.

Alam na rin niya ngayon kung bakit ayon sa mga babaeng kanyang na-interview ay tumitira muna ang mga ito ng ipinagbabawal na gamot bago magsayaw, lalo ang mga baguhan. Talaga palang kay hirap sikmurain ng ideyang pinagpipistahan ng kalalakihan ang katawan ng isang babae. Siya nga na nakakatiyak na hindi mag-aalis ng saplot ay halos maduwal sa panririmarim, paano pa ang tunay na mananayaw na walang pagpipilian kundi sundin ang hinihingi ng kanilang trabaho?

And how I hate men who treat women like sex objects. Noon pa man ay hindi na niya gusto ang mga lalaking mahilig magtungo sa mga clubs na kagaya

Tender Deception - Kayla Caliente

ng *Red Lion Pub* pero ngayon ay mas lalong sumidhi ang galit niya sa mga ito. Hindi kaya naiisip ng mga ito ang mga babaeng nilalapastangan nila ay may puso at kaluluwa rin?

Hustong iyon ang iniisip ni Liezl nang mula sa entablado ay matanaw niya ang isang lalaki. May kasama itong iba pang kalalakihan. Sa dinami-dami ng mga kliyente ng naturang club ay dito napako ang kanyang paningin dahil sadya itong kapansin-pansin.

Tall, well-built, with an air of supreme confidence—gumiit kaagad sa isip niya ang deskripsyong iyon. At kahit sa distansyang nakapagitan sa kanila ay ramdam niya ang malakas na magnetismong nagmumula rito.

Sinamahan ang mga ito sa isang mesang malapit sa entablado at nang makaupo na ang lalaki ay tumingala ito sa kanya. Sa pagtatama ng kanilang mga mata ay parang may kidlat na tumama sa kanya. Bahagya pa ngang nagkabuhol ang mga paa niya at muntik siyang masilat sa pagsasayaw.

Bahagya itong napangiti, tila nabasa ang kanyang nararamdaman.

Pinagbuti pa ni Liezl ang pag-indayog. *I will never pass this way again kaya ma'nong pagbutihan ko na, aniya sa sarili.*

Tender Deception - Kayla Caliente

Ang usapan nila ni Josef ay ang ikalawang layer lang ng suot niya ang tatanggalin. Kapag ang maigsing uniporme na lang ang natira ay e-exit na siya. PeroPero nang uniporme na lang ang natira sa suot niya nang biglang may sumigaw.

“Take it off, baby!” anito at sa tinig pa lang ay halatang lasing na.

“Yes, take it off! Take it off!” segunda ng iba.

Nadaklot ng dalaga ang manipis na blusa. Mamamatay na muna siya bago siya maghubad sa harap ng mga bastos na iyon.

“Pambihira, Josef, ano ba ’yang bagong alaga mo? Ang arte! Pagsabihan mo nga.” Tumayo ang isang customer at luminga-linga na tila ba hinahanap ang manager ng club.

“Hubad na, ano ba! Ang tagaaal!”

Nagulat si Liezl sa inasal ng mga ito. Akala niya, porque mas nakakarami ang mayayamang nagpupunta sa naturang club ay mas magpapakita ng kapinuhan ang mga ito. Pero sa nasasaksihan niya, para siyang nasa isang pipitsuging disco pub. Ang diperensya lang, Inglisero ang mga naroon.

“We want to see you naked, baby! Show us your

body!”

Nanghilakbot na siya. Bumuwelta siya at nagtatakbo palabas ng entablado. Mas lalo tuloy tumindi ang sigawan ng mga parokyano.

“Harang! Harang!

“Get back in there!” Sinalubong siya ni Josef sa bukana ng stage at tila hindi siya pararaanin.

“What the hell do you mean get back!” Pinandilatan niya ito.

“Kapag nagka-rumble sa loob ng club ay lagot ako sa may-ari. Ginawan kita ng pabor. I allowed you to dance in my pub. Ngayon, ikaw naman ang dapat na magpaunlak sa akin,” giit nito.

“Di ako isa sa mga burlesque queen mo!”

“Sumayaw ka sa entablado. Isa ka nang burlesque queen. Get back in there bago pa sila magwala nang tuluyan. Kahit itira mo na lang ang bra at panty.”

Mas lalo ngang lumalakas ang sigawang nagmumula sa labas.

“Babalik ka ba doon o dito na kita huhubaran?” Mabalasik na ang anyo ni Josef at handa itong gawin ang banta.

Tender Deception - Kayla Caliente

“Gawin mo at nang idemanda kita. Mapapasara itong club mo. Tingnan ko kung di ka mas lalong mapahamak sa boss mo.”

“Sino’ng tinakot mo? Malakas ang kapit ni Boss, for your information.”

Dapat yata ay si Mia ang nasa lugar niya, naisip ni Liezl. Mas alam nito ang gagawin. Pero wala ang kaibigan at wala siyang paraan para makalapit sa telepono para tawagan ito.

“Bumalik ka na doon!” halos pasigaw nang utos ng lalaki.

“No way!”

Umakma itong lalapit sa kanya.

“Is there a problem?”

Nakatalikod siya sa pinagmulan ng baritonong tinig kaya si Josef ang unang nakakita sa nagmamay-ari nito.

“N-n-no problem, Sir. What can I do for you?” Suwabe na ulit ang pananalita nito, hindi kagaya kanina na animo ay sinapian ng masamang espiritu.

Sa pag-ikot ng dalaga ay napamaang siya. Dahil ang lumapit sa kanila ay ang lalaking naging subject

ng kanyang fascination kani-kanina lang.

“I like your dancer,” hayag nito, sabay hagod ng tingin sa kanya mula ulo hanggang paa.

Napasaklot na naman si Liezl sa blusa niya. Kagaya iyon ng school uniform pero sinadyang mas manipis ang tela. At sa ginawa ng lalaki ay para na rin siyang nakahubad.

“Well, I don’t like you,” naibulalas niya bago pa mapag-isipan ang sinasabi.

“Quiet!” sita sa kanya ni Josef. “Kung hindi—”

“No problem. I never liked meek women, anyway,” hayag ng estranghero. “So, shall we?” Inilahad nito ang kamay sa kanya.

Inungusan niya ito at akma nang tatalikod pero maagap na nasaklot ni Josef ang kanyang braso.

“Sumama ka kung hindi, tinitiyak kong—”

“Huwag mong takutin. I know I can tame even an angry tiger. Ako na ang bahala sa kanya. Let’s go, sweetheart.”

Hindi mahigpit ang pagkakasaklot nito sa kanyang braso, pero ramdam ni Liezl ang lakas na nagmumula sa kamay na nakahawak sa kanya.

Tender Deception - Kayla Caliente

Mabilis siyang nag-isip. Tatadyakan ba niya ito para makawala? Magsisisigaw ba siya? Nangingimi siya sa eskandalong lilikhain nito.

Kung sasama siya nang matiwasay, baka makasilip siya ng pagkakataon para umalis nang tahimik.

“There. That’s not so bad, is it?” bulong nito nang naglalakad na sila pabalik sa mesa nito.

May mga ka-table na ang mga kasama ng lalaki kaya hindi na siya halos napansin ng mga ito. Nagsisimula na rin ang panibagong number sa stage at bagaman nagtinginan ang ilang parokyano sa direksyon niya, nawalan na rin kaagad ng interes ang mga ito pagkakitang may kasama na siya.

“I just saved your lovely ass,” sabi nito nang nakaupo na sa kanyang tabi.

“Thank you,” mailap niyang ganti. May maidadagdag na naman siya sa kanyang thesis, at iyon ang kabang nararamdaman ng isang babaeng napipilitang i-entertain ang lalaking hindi gusto, gaano man ito kasimpatiko.

“What would you have?” tanong ng katabi.
“Ladies’ drink?”

Umiling si Liezl. “C-Coke na lang.”

“Really?” Halatang nagulat ito. “Talaga yatang baguhan ka pa lang sa ganitong trabaho.”

“Ganoon na nga.” Habang lumilipas ang mga sandali, nababawi niya ang kumpiyansa at lumilinaw ang kanyang pag-iisip. Naipasya niyang habang kaya niyang pakibagayan ang sitwasyon ay magpapatianod na muna siya.

“Bakit mo naman napili ang ganitong trabaho? I mean, a woman like you. And you’re not exactly young, either.”

Iniinsulto ba siya nito? Para na rin nitong sinabi na napaglipasan na siya ng panahon.

“Kailangan, eh.” Iyon lang ang isinagot niya, hindi na nagpaliwanag. Technically, hindi siya nagsinungaling.

“Let me see. May sakit ang tatay mo, naglalabada lang ang nanay mo at ikaw ang nagpapaaral sa sampu mo pang mga kapatid. Am I right?”

Matalim ang tinging itinuon niya sa lalaki. Siguro ganoon nga ang sob story na nakagawian na nitong marinig sa ibang babaeng naka-table nito, pero hindi pa rin iyon dahilan para magsalita ito sa paraang nakakainsulto.

“No. Sarili ko lang ang kailangan kong buhayin. At napipikon ako sa mga lalaking ginagawang pampalipas-oras ang mga babae.”

“Hindi mo ba naisip na kung di sa kanila ay wala kang kikitain?”

Hindi siya sumagot.

Sinulyapan nito ang mga kasama, pagkuwa’y napabuntong-hininga. “How can we discuss business kung ganyang abala na sila?”

“Kung business ang pag-uusapan n’yo, hindi kayo dapat sa ganitong lugar nagpunta,” pakli ni Liezl.

“Sila ang mapilit. And, anyway, I have my own business for being here—”

“I’m sure,” sabad niya.

“Hindi mo pa nga naririnig kung ano iyon, nagkokomento ka na.”

“Sabihin na nating may general idea na ako kung ano ang pakay mo sa pagpunta sa ganitong klaseng lugar.” Sumasakit na ang ulo ni Liezl. Sawa na siya sa pakikipagtalos. Siguro naman ay sapat na ang isang gabing karanasan niya para maisulat nang maayos ang thesis. “Excuse me. I’ll just go to the ladies’ room.” Hindi na niya hinintay ang isasagot ng kasama. Tuluy-

tuloy na niya itong iniwan.

Dahilan lang niya ang pagpunta sa banyo. Sa katunayan ay tatakasan na niya ang lalaki. Batid niyang may employees' exit malapit sa kusina at iyon ang ginamit niya matapos kunin ang damit sa dressing room at magbihis.

Malalim na ang gabi. Sa loob lang ng club maingay at maraming tao, peropero sa paligid ay halos wala na siyang makitang naglalakad. Mangilan-ngilan na rin lang ang sasakyan at panay private vehicles pa. Dapat ay sasabay siya kay Clarence pauwi, pero hindi niya ito mahanap at hindi malayong umalis na nang hindi siya kasama.

Tumatagutok ang takong ng kanyang sapatos sa semento habang naglalakad papunta sa hintayan ng sasakyan.

Mayamaya, naramdaman niyang parang may sumusunod sa kanya. Lumingon siya at mas lalo siyang kinabahan nang makita ang isang kotse. Nasa likuran niya ito, mabagal ang patakbo.

Binilisan niya ang paglakad.

Pero biglang umarangkada ang sasakyang nakabuntot sa kanya hanggang sa makapantay na ito sa kanya.

Tender Deception - Kayla Caliente

Bumukas ang pinto sa passenger side at abgo pa siya makahuma ay may biglang humablod sa kanya at sinimulan siyang ipasok ng sasakyan.

Halos mapatid ang kanyang litid sa lakas ng tiling pinakawalan niya, peropero nangibabaw pa rin ang sunud-sunod at malakas na busina ng sasakyan. Sa kabila ng pagkatuliro ay naulinigan din niya ang tunog ng makinang biglang pinaharurot at nasilaw siya sa paglakas ng ilaw na nagmumula sa sasakyang nasa likuran niya.

“Bad trip, pare,” narinig niya bago naramdaman ang sariling nagpagulung-gulong sa kalsada.

Mabilis na parating ang kasunod na sasakyan at ironic isipin na matapos siyang iligtas sa kung sinumang dumukot sa kanya ay ito pa ang makakasagasa sa kanya.

2

Mabilis ang mga pangyayari. Halos wala nang panahon para mag-react si Liezl. Mabuti na lang at mabilis ang reflexes ng kung sinumang nagmamaneho ng sasakyan. At ilang pulgada mula sa kinahahandusayan niya ay huminto ang kotse. Narinig niya ang tunog ng pintong binuksan at isinara kasunod ang papalapit na mga yabag.

“You?” Ang tagapagligtas niya ay walang iba kundi ang lalaking kanyang tinakasan.

“Looks like I saved your pretty ass again,” saad nito, sabay talungkoi sa tabi niya. “Are you okay?”

Tumango siya matapos pakiramdaman ang sarili.

“Let me help you.” Tinulungan siya nitong tumayo.

Dismayadong napatingin si Liezl sa sarili. Pulos gasgas ang kanyang tuhod at binti, pati ang mga siko dahil naghahapdi ang mga ito. At nang tangkain niyang lagyan ng bigat ang kanang paa ay muli siyang napauklo sa matinding sakit.

“You’re hurt. Dadalhin kita sa ospital,” sabi ng

estranghero.

“No, thanks. Gasgas lang ’to,” tutol niya.

“Ihahatid na kita sa inyo kung ganoon.”

“No, kaya ko.”

“You’re not fit to do anything. Look, isasama kita sa bahay ko kung di ko lang inaalalang mas lalo kang mato-trauma,” anito. “But I have to take you somewhere. Sa bahay n’yo o sa ospital? Mamili ka.”

“I-isakay mo na lang ako ng taxi.”

“At paano kung matiyempo ka sa driver na loko-loko? Hindi mo magagawang ipagtanggol ang sarili mo sa kalagayan mong ’yan.”

“What if ikaw ang masamang-loob?” hamon ng dalaga.

“You’ll just have to take your chances, I guess.” Nang ngumiti ito ay saka lang napuna ni Liezl kung gaano ito kagandang lalaki. Oo at nakatawag na ito ng pansin niya kanina pero mas matindi pa ang appeal nito kapag nakangiti. “Hindi tayo puwedeng magdamag na tumayo sa gitna ng kalsada. Dapat dumaan muna tayo sa pulis para mai-report mo ang nangyari. There you have it. Hindi naman siguro ako sira-ulo para matapos tayong dumaan sa pulis

Tender Deception - Kayla Caliente

ay maglakas-loob akong gawan ka ng masama. Ako agad ang magiging suspect.”

Nakita ng dalaga ang logic ng sinabi nito. “O s-sige. Pero paano iyong mga kasama mo kanina?”

“They can take care of themselves. Malalaki na sila. Halika na. It’s a good thing I decided to follow you. Kung hindi, malamang na napaano ka na.” Inalalayan siya nito pero nang makitang hirap pa rin siya sa paglalakad ay basta na lang siya pinangko.

“Put me down!” Nagpapalag si Liezl.

“Don’t get excited. Pinapadali ko lang pareho ang buhay natin,” patuya nitong ganti.

Matapos siyang ilagak sa passenger seat ay lumigid na ito at tinungo ang driver’s seat, pagkuwa’y pinaandar na ang sasakyan.

“Bakit mio nga pala ako naisipang sundan?” naalala niyang itanong.

“Just intrigued, I guess.”

Itinuon niya ang atensyon sa kanyang telepono.

“Peste!” naibulalas ng dalaga nang makitang walang display roon. Nagpasalamat na nga siya at natagpuan niyang nakasukbit pa rin sa kanang balikat

ang bag, pero nang hugutin niya ang telepono ay natuklasan niyang nadisgrasya ito.

“Use my phone.” Iminuwestra ng lalaki ang aparatong nasa dashboard ng sasakyan.

Hindi na siya nagpakiyeme. Inabot niya iyon at pinindot ang numero sa bahay nila. Pero nakakailang ring na ay wala pa ring sumasagot. Kung tulog man si Mia, tiyak na magigising ito. Puwera kung wala ang kaibigan sa bahay.

“Oh, shit!” mahina niyang naiusal. Hindi pa naman niya memoryado ang cell number nito. Naka-program na kasi iyon sa kanyang telepono.

“Sino’ng hinahanap mo? Boyfriend mo?” usisa ng katabi.

“No, my friend. Pero mukhang wala siya sa bahay.” Bantulot na ibinalik niya ang cellphone sa dashboard. Inabot naman iyon ng lalaki at inilagay sa bulsa ng polo nito.

Kaiisip pa lang ni Liezl na magpasalamat dito ay huminto na sila sa tapat ng isang police station. Bumaba ito at muling lumigid ng sasakyan para tulungan siya.

Nalaman nila mula sa pulis na nag-entertain sa sumbong ni Liezl na ilan na ring kababaihan ang nabiktima ng grupong iyon. Ipinapalagay na isang grupo lang ang mga iyon dahil ganoong-ganoon ang modus operandi ng mga ito. Sa kalaliman ng gabi kapag may natipuhang babae ay dinudukot ng mga ito.

“A-ano’ng nangyayari sa mga dinukot nila?”

“Iyong dalawa ay.... Huwag na lang, Miss. Basta magpasalamat ka at hindi ka natulad sa kanila.”

“Alam n’yo na palang may gumagalang mga siraulo sa lugar na ito, bakit hindi n’yo dagdagan ang mga nagpapatrolya?” sabi ng lalaki.

“Ginawa na namin. Ang problema, hindi matukoy kung saan sila susunod na sasalakay. Mukhang palibut-libot ang mga iyon, eh. Pero ginagawan na naming ng paraan.”

“Liezl Cruzada.” Binasa ng lalaki ang pangalan niya sa blotter. “Ikinagagalak kitang makilala.”

“That’s unfair. Alam mo na ang pangalan ko pero ako, eh, walang ideya kung sino ka,” baling niya rito.

“Garry dela Rocca, at your service.” Bahagya pa itong yumukod, pagkuwa’y sinabi rin ang pangalan sa

pulis na kumuha ng kanyang statement. “At ngayon, makabubuti siguro kung ihahatid na kita sa inyo. I’m sure hindi mo na ’ko pagdududahan ng masamang motibo ngayon dahil alam na ni...” Binasa nito ang name tag ng pulis. “SPO2 Masinag ang pangalan ko, plus the fact na ako ang kasama mo ngayong gabi.”

Madilim ang bahay nang datnan nila. Nang makapasok sa loob ay saka lang nasiguro ni Liezl na wala nga ang kaibigan. Sa mesita ay may iniwan itong note. May pinuntahan itong probinsya at hindi makakauwi sa gabing iyon.

“Maupo ka. Ikukuha kita ng maiinom,” sabi niya kay Garry matapos basahin ang note.

“You’ve got to be kidding,” natatawang bulalas nito. “Ikaw kaya ang maupo at nang malinisan man lang iyang mga sugat mo.”

“No need. Ako na lang ang—” Pero bago niya matapos ang pagprotesta ay mariin siya nitong itinulak paupo sa sofa. “Nasaan ang medicine kit n’yo?” tanong nito.

“Nasa itaas. Sa cabinet sa banyo.”

“Stay put.” Tinungo na nito ang hagdanan.

Tender Deception - Kayla Caliente

Pagbalik ay dala na nito ang mga kailangan. Nilinisan nito ng agua oxinada ang mga sugat niya. Kung ilang beses nga ay napigil niya ang hininga kung di dahil sa hapdi ay sanhi ng pag-ihip nito sa kanyang balat. Pagkatapos linisin ay nilagyan iyon ng *Betadine*.

“Ngayon, para diyan sa sprain mo,” hayag nito.

“Hindi na kai—”

“Has anybody ever told you that you protest much?” Muli ay iniwan siya nito.

Ice cubes naman na ibinalot sa bimpò ang dala nito pagbalik. Inilapat nito iyon sa paa niyang nagsisimula nang mamaga.

“Naghanap ako ng aspirin sa medicine cabinet pero wala kaya heto, ibang pain reliever na lang.” Iniabot nito sa kanya ang dalawang tablet at isang basong tubig.

“Maraming salamat. Malaking kaabalahan na ito para sa iyo.”

“Pakiramdam ko kasi, in a way ay kasalanan ko ang nangyari sa 'yo. If I didn't scare you away, hindi ka sana mapapahamak.”

“And if you didn't rescue me, ayoko nang isipin

kung ano ang nangyari sa akin.”

“Paano ka niyan”? hindi ka makakapagsayaw kung sprained ang ankle mo.”

Nag-atubili siya. Iyon na ang tamang pagkakataon na ipagtapat ang dahilan kung bakit nandoon siya sa *Red Lion Pub*.

“You see, it’s like this—“

Pero bago pa man siya makapagsimula ay ginambala sila ng pagtunog ng cellphone nito.

“Excuse me.” Dinukot nito sa bulsa ang telepono saka tumayo ilang metro ang layo sa kanya.

“What do you want?” paasik nitong tanong. “Yes, I’m not at home and no, I don’t care to tell you where I am and who I am with. That’s a crap and we both know it. Tama na muna kung puwede lang.” Mariin nitong pinindot ang buton. Ang akala nga ni Liezl ay ibabato na nito ang telepono matapos ang pakikipag-usap.

“I have to go,” paalam nito, tila tinabangan na sa pag-uusisa sa kanya. “But if you still need me...”

“I can manage,” paniniyak niya.

“Okay. But don’t get up anymore.”

Tender Deception - Kayla Caliente

Iika-ika man ay nahimok siyang magpunta sa bintana para tanawin ito. *I have never met anyone like him*, sa loob-loob niya habang pinapanood ang paglayo ng lalaki.

Obvious na maykaya ito sa buhay. Bukod sa iyon ang ipinahihiwatig ng pananamit nito, pati na ng paraan ng pagkilos, naroon din ang sasakyan na batid niya ay kung ilang milyon ang halaga. Pati nga cellphone ng estranghero ay latest model.

And obviously, he's a man who frequents bars and clubs that feature bold shows. Ikinadismaya iyon ni Liezl. Ayaw na ayaw niya sa ganoong mga lalaki.

Pero hindi niya ito lubos na makamuhian dahil dalawang beses siya nitong iniligtas at naging mabuti naman ang pagtrato sa kanya.

Hindi maalis-alis sa isipan ni Garry ang dalaga. *She looks too innocent to be a prostitute*, sa loob-loob niya. Pero iyon ng siguro ang mas pabor sa kanya.

Napangiti siya nang mapakla. Sa kanyang isipan ay naririnig pa niya ang nakakabuwisit na litanya ng papa niyang si Don Alberto dela Rocca....

“You are not capable of handling emotions

commitment,” anito sa pinakahuli nilang argumento. “And do you know why? Because you are a coward.”

Nagtagis ang kanyang mga bagang. Kung hindi lang niya ama ang nagsabi niyon ay baka nasapak na niya ito. Ayaw niya sa lahat ay iyong iniinsulto siya.

“Ano? Hindi mo matanggap? Well, the truth hurts. Pero kung hindi mo matiis, puwes, gawan mo ng paraan. Ipakita mo sa ’kin na hindi ka duwag.”

“Hindi ako magpapa-manipulate sa inyo.” Naglalabasan ang litid sa leeg niya sa pagpipigil na mapasigaw sa galit.

“Then, just admit it.”

Tinalikdan niya ang ama. Bata pa siya ay sadyang hindi na sila magkasundo. Bukod sa hayagan ang pagpabor nito sa nakatatandang kapatid niyang si Gaston, napakainit ng mga mata nito sa kanya. Madalas nga ay nararamdaman niyang naghahanap lang ito ng maipupula sa kanya.

Ang madalas na topic nito ngayon ay ang pagiging single pa niya. Sa edad niyang treinta y dos, dapat daw ay nasa planning stage na ang paglagay niya sa tahimik.

“Don’t bet your ass that I’ll hand over the

reins of the company to you.” Sa ikailang ulit ay ipinagduldulan nito sa kanya ang bagay na iyon.

“Hindi na ako umaasa, Pa, dahil alam ko namang si Gaston ang paborito n’yo.”

“Hindi ko siya paborito. You keep saying that. It just so happened that he’s more deserving. Kita mo, he’s a family man through and through.”

Dalawa na ang anak ng kapatid niya at ang napangasawa pa ay anak ng isang industrialist na kilala ring mapagkawangawa. Dagdag puntos iyon para rito. Sa mga mata ng papa nila, Gaston couldn’t do anything wrong.

Si Garry ay kabaligtaran. Pulos kapalpakan ang kanyang nagagawa.

“Samantalang ikaw...” Tumayo pa mula sa kinauupuan si Don Alberto para duruin siya. “Just look at you! You can’t commit to any woman. And on top of that, eskandalo pa ang muntik mo nang iakyat sa pamilyang ito.” Hindi na bago sa kanya ang masumbatan pero masakit pa rin iyon.

“How do you expect me to trust you with the company that’s been my life’s passion kung hindi man lang ako makatiyak na hindi ito mawawasak ng kung anong eskandalong kasasangkutan mo?”

Tender Deception - Kayla Caliente

Nanatiling tikom ang bibig ng binata. Ano ba ang puwede niyang isagot? He was guilty as charged.”

“Answer me!” nagngangalit na utos nito.

“What do you want me to say?” patag ang tinig na tanong niya.

“Say you’ll clean up your act. Sabihin mong pipili ka na ng matinong babaeng makakatuwang sa buhay and that you’ll settle into a peaceful, scandal-free life. Matagal mo nang pinapasakit ang ulo ko. And for the nth time, I’m asking you, why can’t you be more like your brother?”

Alam ng papa ni Garry na iyon ang ultimate pang-insulto sa kanya. Ayaw niyang bigyan ito ng kasiyahan kaya hindi niya ipinahalatang tinatablan pa rin siya.

“You mean marry a nice, sweet, decent woman and settle into a life of boredom? No, thank you.”

“You won’t get anything from me, Garry. Ipinapangako ko, I’ll disown you.”

“Gawin n’yo. I don’t care.” Totoong noon pa siya nawalan ng interes sa kompanya, pati na sa mana. Buhay pa ang kanyang mama ay tinalikdan na niya ang posibilidad na magiging pinuno siya ng

kompanyang pag-aari ng kanilang pamilya.

Nabubuhay siya sa sariling kayod at sapat na iyon sa kanya. Hindi man siya maituturing na multimillionaire gaya ng papa niya at ni Gaston, wala iyong kaso sa kanya. Respeto ang hanap ng binata mula sa ama, pero matagal na siyang nawalan ng pag-asang makamtan iyon.

Marry a nice, decent woman indeed!

Sa pagbabalik ng kanyang diwa sa kasalukuyan ay naglaro sa imahinasyon niya ang anyo ni Liezl habang nagsasayaw sa entablado. *A nice, sweet and innocent-looking woman if I ever saw one.* Sino ang mag-aakalang isa itong bold show dancer?

Lumawak ang mapaklang ngiting namumutawi sa kanyang mga labi. Hindi na siya umaasang pagkakalooban pa ng respeto ng papa niya kaya mas mabuti sigurong gawin na lang ni Garry ang inaasahan nito sa kanya.

But why spoil his fun so soon? Kumurba sa isang genuine na ngiti ang kanyang labi. Noon pa lang ay nasisiyahan na siya sa ideyang nagsisimulang magkaporma sa kanyang isipan. Kiniliti siya ng kaalamang napagkalooban siya ng balang magagamit laban sa kanyang ama.

“You what?” Para naming mahihimatay si Mia nang maisalaysay ni Liezl ang muntik nang mangyari sa kanya. “Mabuti na lang at walang nangyari sa ’yo. Oh, Liz! Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung sakali.”

“Sus! ’Wag ka nang magdrama. I’m fine, as you can see. At aaminin ko sa ’yo, nakakabuhay ng dugo ang mga pangyayari. Ngayon ko lang natuklasan kung gaano ka-boring at napakawalang-kulay ang mundo ko,” sabi niya.

“Whoa! Don’t get carried away. Hindi ito puro fun and excitement. Delikado rin, as proven by what almost happened to you.”

“Alam ko iyon. At wala naman akong balak ulitin pa ang ginawa ko. Masarap lang sa pakiramdam. I got out of my shell for once.”

“And you get to meet a handsome hunk in the process, right?” Tumango siya. “Sinabi ba kung sino siya?” excited na usisa nito.

“Siyempre naman. Isasama ko ba siya rito kung wala man lang akong kaide-ideya kung sino siya?”

“Who is he then?”

“Garry dela Rocca raw ang pangalan niya.”

“Sino?” Napamulagat si Mia. “Say his name again. Slowly this time.”

“Gar...ry de...la Roc...ca. Kilala mo siya?”

“Well, siya lang naman ang matagal ko nang hinahabul-habol para ma-interview. Pero hanggang sa sekretarya lang niya ako nakakaabot. Parati siyang unavailable, full ang schedule, out of the country, etcetera, etcetera.”

“Ayaw siguro ng publicity.”

“Hindi ko siya masisisi.”

Napatingin sa kaibigan si Liezl. Mayroon kasing ipinahihiwatig ang tingin nito.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” usisa niya.

“About three years ago ay nasangkot siya sa isang eskandalo.”

“Eskandalo? Anong klase?”

Napakunot-noo ito, inaalala ang mga pangyayari. “Hindi gaanong klaro pero sinasabing may kinalaman siya sa pagkamatay ni Joanna Malixi.”

“Sino siya?”

Napabuga ito ng hininga. “My goodness, Liz! Don’t you know anything? Isa siyang sikat na modelo pero may mga rumors na suma-sideline siya bilang isang high-priced prostitute. Hindi iyon mapatunayan nang ciento por ciento. Isang gabi ay natagpuan na lang siyang walang-buhay sa condo unit niya. Drug overdose ang sanhi.”

“Paano nasangkot si Garry?”

“Nali-link kasi sila sa isa’t isa. Madalas silang makita sa mga social functions at nakukunan ng camera na very sweet sila. Tsismis din noon na si Garry ang huling kasama ni Joanna nang gabing mamatay ito.”

Bahagyang kinilabutan si Liezl. Naalala niyang sila lang ni Garry sa bahay nang nagdaang gabi.

“Hindi siya sinampahan ng kaso?”

“Not enough evidence. Puro circumstantial lang. Not to mention na maimpluwensya ang pamilya dela Rocca,” paliwanag nito. “And come to think of it, noon pa napapabalitang gumagamit ng drugs si Joanna para ma-maintain ang slimness niya.”

“Iyon ba ang dahilan kung bakit gusto mong ma-interview si Garry?”

Tender Deception - Kayla Caliente

“Not really. That’s old news. Gusto ko lang siyang i-feature ng magazine because he’s considered one of the country’s most eligible bachelors. Pero gaya ng nasabi ko na, hindi ako maka-first base man lang. Mabuti ka pa nga nakaharap mo na siya, samantalang ako na matagal nang naririnig ang pangalan niya, eh, sa malayuan ko lang nakikita, mabilisan pa. Ilag siya sa press people.”

“I wish I could help you pero duda ako kung makikita ko pa ulit ang Garry dela Rocca na iyon. Kung ganyang napakataas pala ng kinalalagyan niyan sa lipunan, bakit pa ba iyon mag-aaksaya ng panahong makipagkita pa sa ’kin, di ba? I guess nagkawanggawa lang siya kagabi and that’s that.”

“Okay, but if you ever meet again, baka sakaling puwede mong banggitin sa kanya ang tungkol sa housemate mo ang interviewer at baka di na iyon magpakita rito kahit kailan.”

Buo ang paniniwala ni Liezl, iyon na ang una at huling pagtatagpo ng landas nila ni Garry. At ang paniniwalang iyon ay lalong napagtibay nang lumipas ang isang linggo na hindi niya nakita ni anino ng lalaki.

Tender Deception - Kayla Caliente

Kaya nang gabing tina-type niya sa computer ang kanyang thesis ay muntik na siyang malaglag sa kinauupuan. Dahil nang dungawin niya ang sasakyang huminto sa bahay ay nakita niyang bumaba mula roon si Garry.

Kagaya ng dati, wala si Mia. Kung nasaan, hindi na niya matukoy. Nag-atubili tuloy si Liezl. Naalala niya ang sinabi ng kaibigan tungkol sa lalaki. Paano kung patayin din siya?

Para kang sira! Sumusobra na yata ang likot ng kanyang imahinasyon.

Narinig niya ang doorbell kaya dali-dali siyang nag-ayos ng sarili. Natagalan ang dalaga kaya patalikod na ang lalaki nang mapagbuksan niya.

“Oh, I thought nobody’s home.” Napangiti ito nang makita siya.

Parang baliw na tila nagsirko ang puso ni Liezl. Ang ganda kasi ng ngiti nito, parang nakakaaliwalas ng mundo.

“Dapat tumawag muna ako but I forgot to ask for your number,” patuloy nito. “I just got back from a business trip at ang una kong pinuntahan ay ikaw.”

Hindi pa rin siya makapagsalita. Nanatili siyang

nakatingin dito at pinagpipista ang mga mata sa perpektong specimen ng kalalakihan na nasa harapan niya. Hindi rin maikakailang pumapalampak ang kanyang puso sa sinabi nito.

“Uh... can I come in?”

Noon lang siya nahimasmasan. “Oh, s-sure... sure.” Nagmamadaling niluwangan niya ang pagkakaawang ng pinto. “Naligaw ka?” tanong ni Liezl matapos itong paupuin.

“Bakit ba nagpupunta sa bahay ng babae ang isang lalaki?” Pinakislap ng kapilyuhan ang mukha nito. Muntik tuloy siyang mapa-beautiful eyes din. Pero bigla siyang may naalala.

Prosti ang pagkakakilala sa iyo ng lalaking ’yan. Kaya malamang ang tinutukoy niyang dahilan ay hindi love kundi lust.

“Bakit?” narinig niyang gulat na naibulalas nito.

“Anong bakit?”

“Bigla kasing tumigas ang hitsura mo. Para kang nagalit. May nasabi ba ’kong mali?”

“Alam mo, Mr. dela Rocca, ganito kasi iyon. Alam kong gusto mo ’kong upahan at ilabas sa gabing ito. Kaya lang sorry, ha? I’m not free tonight.”

“May nauna na sa ’kin?”

Napakurap si Liezl. Hindi nga siguro katakatang isipin nito ang gayon. “No, I’m just not—”

“Iyon naman pala. Come with me. I have a proposition to make.”

“No, thanks.”

“You don’t know how generous I could be. I’m willing to let you name your price. Within reasonable limits, of course.”

Nagpanting ang tainga ng dalaga. Binibili ba siya nito? Napatayo si Liezl. “For your information, Mr. dela Rocca, I am not a common prostitute,” bulalas niya.

“I know. There’s nothing common about you.”

Hindi niya alam kung magaling lang mambola ang lalaki, pero kung magsalita ito ay parang taos sa puso ang sinasabi. Hayun nga at kahit alam niya ang tunay nitong motibo ay para ring may kung anong humaplos sa kanyang puso.

“Mr. dela Rocca...”

“Call me, ‘Garry.’ Pakiramdam ko, papa ko ang tinatawag mo sa tuwing sasabihin mo ang ‘Mr. dela

Rocca.’ ”

“Okay, Garry, isaksak mo sa baga mo ang—”

“Will you listen to me first? Tumatanggi ka na, hindi mo pa alam kung ano ang tinatanggihan mo.”

“No, I don’t want to listen.”

“Please.” Kababakasan ng pagsusumamo ang tinig nito. “I don’t say please often so it just goes to show how important this is for me.”

“O siya, siya, ano ba kasi iyon?”

“We’ll talk here?” Parang dismayado ito.

“May problema ba?”

Nagkibit-balikat ito. “But please, I think you’d better sit down,” anito.

Nang nakaupo na siya ay saka nito isinalaysay ang pakay.

“No! Absolutely not! Ano’ng akala mo sa ’kin?” Napatayo ulit si Liezl kasabay ang malakas na pagbulalas.

“Please calm down.” Napakakalmante naman ni Garry. Parang hindi siya naghihisterikal sa harapan nito kung magsalita ito.

“Don’t tell me to calm down. Magsasabi ka ng nakakainsultong bagay pagkatapos, sasabihin mong kumalma ako.” Panay ang alon ng dibdib ng dalaga habang nagsasalita.

Napabuga ito ng hangin saka inihilamos ang palad sa mukha.

“What you’re asking me, it’s... it’s degrading. Humiliating. Nakakainsulto. Nakaka—”

Sa laking pagkamangha niya, bigla itong napabunghalit ng tawa.

“Ano ba ang nakakatawa sa sinabi ko?” mataray niyang saad.

“Imagine a prostitute feeling degraded and humiliated.”

Parang sinampal sa mukha si Liezl. Noon siya nakadama ng matinding pagkahabag sa mga babaeng napipilitang magbenta ng aliw para lang may maibuhay sa sarili o sa pamilya. Talaga palang matatanggalan ng dignidad ang sinumang pumasok sa ganoong hanapbuhay.

Pinuno siya ng matinding pagnanasang maiganti ang mga ito kahit paano. At sisimulan ni Liezl sa lalaking kampanteng nakaupo sa kanyang harapan

matapos nitong sabihing gusto nitong kuhanin ang serbisyo niya para maipakilala sa ama bilang nobya nito. Para umano sa takdang panahon ay isiwalat ang tunay niyang pagkatao.

“Ano ’ka mo?” Kung tingnan siya ni Mia, para bang iniisip nito na nawala na siya sa tamang katinuan. “Ano ba’ng nangyayari sa iyo, Liz? Hindi kaya kailangan mo nang magpatingin sa psychiatrist? Para kasing—”

“Hindi ako nababaliw kung iyon ang iniisip mo,” sabad ni Liezl.

“Then, what the hell is wrong with you? Baliw lang kasi ang papayag sa sinabi ng Garry dela Rocca na iyon. Lalo pa kung ganyang alam mo ang tungkol sa eskandalong kinasangkutanang niya.”

“Ikaw rin mismo ang nagsabi na puro ispekulasyon lang iyon. At hindi ako drug user.”

“Bakit mo ginawa iyon? Bakit ka pumayag?”

“I just had to do it, okay? Ayaw mo niyan, magkakaroon ka ng tsansang ma-interview siya.”

“Screw that interview. Hindi iyon mahalaga kung ikukumpara sa kaligtasan mo.”

Tender Deception - Kayla Caliente

“I’m a big girl, Mia. At panahon na rin siguro na alugin ko naman ang buhay ko. I’ve always been envious of you dahil ang tingin ko ay napaka-exciting ng mundo mo. It’s about time I did something about it.”

Waring marami pang gustong sabihin si Mia pero siguro nakita nito ang determinasyon sa kanyang mukha. “Bahala ka na nga. Just be careful.”

“I will be, my friend, so don’t worry.”

Sweet Lies

1

Larawan ng kasiyahan ang isang may-edad na babae na nakatayo sa gitna ng bulwagan. Bakas sa mukha nito ang natural na kagandahang hindi nagawang pawiin ng nagdaang panahon. Napalingon ang karamihan nang magsalita ang isang ginang na nakatayo malapit dito, mas bata nang may tatlumpung taon.

“Gusto kong hingin ang atensyon ninyong lahat,” ani Elena Garcia.

Si Neo na noon ay nakikipag-usap sa pinsang si Gabriel ay napalingon pagkarinig sa tinig ng ina. Walang sampung piye ang layo niya buhat dito.

“Ipinakikilala ko ang babaeng pakakasalan ng aking anak, ang aking unico hijo na si Neo—si Jasmin Costales, ang apo ni Doña Caridad.”

Natigilan si Neo. Kung nabigla man siya ay mabilis iyong naikubli. Sa dalawampu’t walong taon ng buhay niya ay ngayon lamang nanghimasok ang ina sa ganoong bagay. Oo, naroon at sumesegunda ito sa kanyang papa kapag nagpapaalala ang huli na baka tumanda siyang binata. Pero hindi ganito ang inaasahan niya.

“You’re a dark horse, Neo. Nagawa mo akong papaniwalain na wala sa bokabularyo mo ang kasal!” ani Gabriel. Tinapik siya nito sa balikat, waring sinasabi na lapitan niya ang babaeng nagnangalang ‘Jasmin.’ “Napakasuwerte mo, Pinsan. Wala yata sa mga naging nobya mo ang kasing-ganda niya. Ang ipinagtataka ko, bakit ngayon ko lang siya nakita?”

Gusto niyang sabihin, *Pareho tayo, ngayon ko lang rin siya nakita.*

“Pero akala ko ba si La—”

Hindi na narinig pa ni Neo ang sinasabi ng pinsan. Pasimpleng hinagod niya ng tingin ang dalaga habang marahang lumalakad patungo sa kanyang ina. Tama si Gabriel, napakaganda nga ni Jasmin, mala-anghel ang mukha nito.

Tiningnan niya ang kanyang mama, hinahagip ang mga mata nito, pero mailap ang mga iyon. Alam nito na hindi niya gusto ang nangyayari. Inilibot niya ang paningin sa mga bisita sa paligid saka naalala ang ipinagdiriwang nang gabing iyon. Anibersaryo ng kasal ng kanyang mga magulang. Parang hinintay lang ng ina na magsidating ang importanteng bisita bago inanunsyo ang kanyang engagement.

“Neo,” Jasmin wasted no time addressing him.

Napaarko ang kilay niya, nang-uuyam ang pilit na ngiti sa mga labi. Hinawakan ng babae ang kanyang pisngi at hinalikan siya sa labi na para bang matagal na silang magkakilala at dati na nilang ginagawa iyon. Nagpaubaya siya. Ito ang tipo ng babaeng hindig-hindi niya pagtitiyagaan.

Hindi ngayon ang tamang oras para komprontahin ang ina.

“Magandang gabi, Nyora Idad,” bati niya sa doña. Iyon ang talagang tawag dito. Walang pagkukunwari ang respeto niya sa matanda. Bukod sa pagkakataong ito ay isang beses pa lang niyang nakaharap ang abuela ni Jasmin. Kaarawan noon ng kanyang mama at nagdiwang sila sa isang sikat na hotel. That was years ago.

“Nakita ka ni Jasmin sa isang party,” pagbibigay-impormasyon nito.

Gustong matawa ni Neo, ayaw lang niyang maging impertinente sa harap ng matatanda. Dared he believe na pagkakita sa kanya sa party na iyon ay nagkagusto na kaagad sa kanya ang Jasmin na ito at ngayon ay gusto nga siyang mapangasawa? Wow. Hanga siya sa impluwensya ng babae. Pinilit niyang tumingin nang tuwid sa mga mata ni Nyora Idad, pero hindi tumugon. Imahinasyon lang ba niya o

naroon talaga ang pagpapaumanhin sa ekspresyon ng matanda?

Sinipat niya ng tingin ang katabing dalaga na sa pagkarinig niya ay pakakasalan niya. Pinagmasdan ni Neo ang kaaya-aya nitong mukha at ang mala-porselanang kutis, ang tuwid na buhok na halos umabot sa baywang nito, ang hugis-pusong labi at ang matangos na ilong. Kung ganda lang ang hanap niya sa babae, higit pa ito sa pasado.

“Neo, gising ka pa ba? Buksan mo ang pinto,” ani Elena.

Mag-a-alas-tres na ng umaga. May dalawang oras na nakakaraan mula nang umalis ang mga bisita at natapos ang kasayahan. Ang totoo ay nakatulog na siya. Naalimpungatan siya nang marinig ang mararahang katok sa pinto. Alam niyang hindi matahimik ang kanyang ina sa multong ginawa nito. Nagkamali ito at gustong humingi ng paumanhin. Binuksan niya ang pinto at tinungo muli ang kama para maupo sa gilid niyon. Sapo ng kanang palad ang mukha, naramdaman niya nang ilapat ng ina ang pinto.

“Sorry, Ma, hindi kaagad kita narinig,” aniya.

“Neo, tumingin ka sa akin.” Nanatili siyang nakatungo. “I think she’s perfect for you.”

Tumawa siya. “I don’t think so, Mama.”

Alam ni Elena ang tonong iyon ng anak. Kapag sinabi ni Neo na hindi puwede ay hindi uubra sa kanya ang sinuman. Naupo ito sa kanyang tabi. Hinarap niya ang ina; tahimik itong umiiyak.

“I’m sorry, anak, hindi ko—”

Kinabig niya ito at tahimik na umiyak ang babae sa balikat niya.

“Tama na, Mama. Hindi kita sinisisi. Alam ko ang pagtanaw mo ng utang-na-loob kay Nyora Idad.”

Pinag-aral ng matanda si Elena dahil anak ito ng isang napakalapit na kaibigan na maagang pumanaw. Matalino ang kanyang mama kaya hindi nanghinayang si Nyora Idad na gastusan ang edukasyon nito. Ipinadala pa ito sa ibang bansa upang mag-aral. Pero nakilala ni Elena ang kanyang papa at nakalimutan ang pangako sa doña. Iniwasan ng kanyang mama ang matandang babae sa loob ng matagal na panahon, pero nang magkataong magkita ang dalawa ay walang narinig na sumbat ang kanyang ina mula sa señora. Labis ang naging usig ng sariling konsyensya nito.

“Hindi ko talaga alam. Nang sabihin ni Nyora Idad sa akin na nag-aalala siya kung sino’ng maiiwan sa kanyang apo sakaling mawala siya, natagpuan ko na lang ang sarili ko na pumapayag sa....” Hindi na nito naituloy ang gustong sabihin. Napahikbi ito.

Gustong matawa ni Neo. Para sa kanya, iyong ibang tao ang nangangailangan ng proteksyon mula sa isang laki sa layaw na katulad ni Jasmin.

“Matulog ka na, Mama, sigurado ’kong wala ’kong magiging problema tungkol kay Jasmin.”

Maliban na lang sa paghahanap ng paraan kung paano siya hihiwalayan ng dalaga.

Nag-aatubili pa si Joana kung itutulak ang pinto pabukas nang may isang lalaking nagsalita sa tabi niya.

“Jasmin,” nakangiting bati nito.

Hindi alam ng dalaga kung itutuwid ang pagkakamali ng matanda at magpapakilala bilang kakambal ng una. Bago pa siya nakapagsalita ay nagtanong na ito.

“May kailangan ka sa papa mo?”

“O-opo.”

Nagtaas ito ng kilay na para bang nagbibiro siya. Napaisip tuloy si Joana kung may mali sa kanyang sagot.

Binuksan ng lalaki ang pinto ng law office at magkasunod silang pumasok sa loob.

“Maupo ka muna. Nakita ko si Andrea sa coffee shop sa ibaba.” May hawak ding paper cup ng inumin ang lalaki. Nasa ikatlong palapag ng building ang opisina ng kanyang ama. “Maiwan na kita.” Tumuloy ito sa isa sa tatlong pribadong opisina na nasa silid na iyon.

Mayamaya ay pumasok ang isang eleganteng babae dala ang dalawang baso ng mainit na inumin.

“Jasmin,” tila dismayadong bati nito.

Ngayon niya naisip na magiging anino siya ng kakambal sa buong panahong ilalagi niya rito sa Pilipinas. Mabuti na lang at sa loob ng ilang araw ay paalis na rin siya.

“Andrea?” pagbabakasakali niya.

“Magkano ang kailangan mo? Medyo busy ang papa mo at—”

“Kailangan ko siyang makausap.” Alam niyang perpekto ang Tagalog niya.

Tinitigan siya ng babae. Naisip niyang hindi na kailangang sabihin pa rito kung sino talaga siya. Hindi naman siya magtatagal.

“Very well. Alam kong masyado kang mainipin.” Lumakad si Andrea patungo sa desk nito. Ito marahil ang receptionist ng tatlong abogado sa suite na iyon.

“Salamat,” ani Joana.

Sukat doon ay tumawa ito. “Salamat? Now, you really surprised me, Jasmin. Sa loob ng anim na taong pagkakilala ko sa iyo, ngayon mo lang ginamit ang salitang iyan.” Pauyam itong ngumiti. “Your fiancé must be teaching you manners then.”

“Fiancé?”

“Si Neo Garcia. I don’t think he has broken up the engagement... yet, or... has he?”

Nangingislap ang mga mata nito na tila naghihintay ng kumpirmasyon galing sa kanya. Minabuti niyang huwag itong sagutin.

Pinagmasdan ni Andrea ang anak ng isa sa kanyang mga amo. She had never know Jasmin to be so well-mannered and reserved. Palihim niyang

sinisipat ang dalaga na kalmanteng nakatitig sa mga rosas na nasa porcelain vase sa center table. Si Jasmin na marahil ang pinakamagandang babae na nakita ni Andrea. Sa pagkakataong ito ay tila sampung beses ang itiningkad ng katangiang iyon. Napakaganda ng kutis ng dalaga. Pero para sa kanya, tila may mali sa sitwasyon. Hindi nga lamang niya matukoy iyon.

“Sandali lang, may kausap pa ang papa mo sa phone,” aniya.

Tumingin sa wristwatch na suot si Joana Mae o mas kilala sa palayaw na Joana; pasado alas diez ng umaga. Pagkagaling dito ay sa hotel na tinutuluyan ang balik niya. Hihintayin niyang dumating sa bansa ang kapatid sa ina at ang stepbrother niya bago bumalik ng Australia.

Aalamin lang niya ang pahinang ito ng kanyang buhay at pagkatapos ay habambuhay na niya itong tatalikuran. Magagawa nga ba niya iyon? Paano kaya siya tatanggapin ng kakambal? Matutuwa ba ito sa kaalaman na mayroon itong kapatid... kahati?

Noon bumukas ang isa sa mga pinto sa loob ng malaking silid na iyon. Lumabas ang isang matangkad na lalaking mahigit cincuenta años marahil ang edad kung pagbabatayan ang puting buhok. Namutla ito nang magtama ang kanilang mga paningin.

“Jasmin...” Tila nawalan ng kulay ang buong mukha nito. Kitang-kita ni Joana ang pagsisikap nito na magpakahinahon.

Sa lahat ng ito ay nanatiling parang estatwang nanonood ang receptionist na si Andrea. Nais nitong mapaismid sa epekto ng dalaga sa ama. Marahil ay may malaking kalokohang kinasangkutan si Jasmin. At gaya ng dati, kailangan ng dalaga ng pera. Nakaupo pa rin ang babae na para bang hindi nakikilala ang sariling ama.

“Atty. Costales?” untag ni Andrea na nakabawi mula sa panonood.

Costales. Ngayon lang rumehistro sa isip ni Joana ang apelyido bagaman kanina ay may naramdaman na siyang recognition mula sa tingin nito. Iyon marahil ang tinatawag na lukso ng dugo. Ang lalaking ito ang kanyang papa!

Sinikap niyang intindihin ang sinasabi nito.

“Oo, Andrea. Ipa-reschedule mo ang meeting ko kay Manuel. Kailangang kong makausap ang anak ko.”

Pinapasok siya ng ama sa opisina nito. Itinuro

nito ang isang leather sofa na katulad ng nasa reception area. Nanatili itong nakatayo at nakatingin sa kanya. Bakas sa mukha nito ang pagkalito.

“Baka po—”

“Alam kong hindi ikaw si Jasmin.” Hindi alam ni Joana kung ikatutuwa iyon o ikabibigla. Masaya ba siya dahil nakilala siya ng tunay niyang ama?

“Nagkausap po kayo ng stepfather ko?” Walang nabanggit si Tony Cheng sa kanya.

“No, no. Nakausap ko lang siya n’ung mamatay ang iyong mama. That was three years ago.” Tumalikod sa kanya si Atty. Justino Costales at naglakad patungo sa table nito. Nakita niyang bahagya nitong minasahe ang sentido bago naupo sa swivel chair.

“Ang s’abi po ng mama ko, may... may kapatid ako.” Makuha niya kayang tawaging ‘Papa’ ang estrangherong ito sa loob ng sandaling panahon na mananatili siya rito sa bansa? “Paano po ninyo nalaman kaagad na hindi ako si Jasmin?”

“Noong lumabas ako kanina, balak ko nang umalis. Katatawag lang ng pamilya ng boyfriend ni Jasmin. Naaksidente sila.” Napakahina ng tinig, tila mauupos ang may-ari kahit nakaupo na ito.

“Nasa hospital ba si... ang kakambal ko?”

Walang sagot.

“She is not dead...” Nanlamig ang buo niyang katawan. Ito ba ang dahilan kaya ngayon lang siya nagkalakas ng loob na umuwi ng Pilipinas? Para sa huling pagkakataon ay makita ang kapatid? *I was a little too late....*

“Iyon din ang gusto kong paniwalaan. At nang makita kita kanina, inisip kong nagbibiro lang ang tumawag.”

Naramdaman ni Joana ang pagpipigil ng kaharap na mabasag ang boses. Hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman.

Nagpatuloy ito. “Pero mahirap ipagbiro ang ganoong bagay. At kahit magkahawig kayo, napakalaki ng pagkakaiba ninyong dalawa. Siguro ay naramdaman ko iyon.”

“Nasaan po si... si Jasmin ngayon?”

“Nasa Baguio. Nagdesisyon ang pamilya ng lalaki na doon na lang sila. They arranged a quiet funeral for them.” Napabuntong-hininga ang abogado.

Bahagyang kumunot ang kanyang noo. “Them?”

“Hindi rin nakaligtas ang kasintahan niya.”

“Ikakasal na sila,” ani Joana, nanghihinayang para sa kaligayahan ng kakambal. Naalala niya ang sinabi ni Andrea.

“Hindi ang lalaking pakakasalan niya ang kasama ni Jasmin.” Wala sa tinig ng ama ang paumanhin para sa kanyang kapatid.

He's a good father, she decided, to stand by his daughter like that.

“May ipapakiusap ako sa iyo, anak.” Lumapit ang matandang lalaki, naupo sa tabi niya at hinawakan ang kanyang kamay.

Napalunok siya, tinawag siyang ‘anak’ ni Atty. Costales kahit hindi siya lumaki sa piling nito.

“Sasama po ako sa inyo papuntang Baguio. Gusto ko siyang makita,” pakiusap ng dalaga.

“Naiintindihan ko, pero hindi ako sang-ayon. Kapag tumingin ka sa salamin, nakita mo na si Jasmin. Ayokong ang una at huli mong alaala sa kanya....” Muli itong tumayo at lumayo sa kanya. Alam niyang napaiyak din ito nang pumatak ang kanyang luha. “Nang makita kita kanina, I thought namamalikmata lang ako. Na totoong si Jasmin ang naroon. Buo na

ang pasya ko. I don't want you to see and remember your sister as cold and lifeless, as you would kung sasama ka.”

Kahapon lang, napakaayos ng mga plano ni Joana.

Muli siyang hinarap ng ama. “Gusto kong maalala mo si Jasmin bilang isang tao, buhay na buhay ang kanyang mga mata at ang ngiti, kagaya mo.” Nilapitan siya nito.

“Kung gayon po, ano ang ipapakiusap n’yo?”

“Inaalala ko ang Mama, ang lola mo.”

“Gusto n’yong ako ang magsabi sa kanya? Sige po, gusto ko rin siyang makilala.”

Umiling ito. “Hindi. The news might kill her, sa kalagayan niya ngayon. And I cannot survive another loss in the family. Nais kong umuwi ka sa bahay ngayon at magpanggap bilang si Jasmin.”

2

Ipinasundo ng kanyang ama sa family driver ang cuarenta años na babae na nagngangalang Claire. Executive assistant umano ito ng kanyang lola noong nagtatrabaho pa si Nyora Idad. May manpower agency ang matanda at ang kanyang lolo. Ipinamahala na nito sa ka-partner nitong abogado ang negosyo nang mamatay ang kanyang lolo. Nanatili naman sa paglilingkod dito si Claire. Kahit nga ba sa bahay na lamang iyon simula nang maging mahirap para sa matanda ang mag-opisina. Si Claire ang nag-aasikaso sa business at personal engagements ni Nyora Idad.

Sa ngayon, tatlo lamang silang nakakaalam ng plano ng kanyang papa. At pareho silang hindi sang-ayon ni Claire.

Sinamahan siya ng babae sa pagkuha ng mga gamit niya sa hotel.

“Tita Claire—”

“Claire’ lang ang tawag sa akin ni Jasmin. Hindi siya gumagamit ng ‘po’ at ‘opo’,” putol nito.

Kaya pala nanibago sa kanya ang mga tao sa opisina ng kanyang papa.

“At kailangan mong masanay na tumugon sa pangalang iyon—Jasmin.” Tinitigan siya nito.

“Tama ka... Claire.” Pinatuloy niya ito sa kanyang silid. Tinulungan siya nitong mag-empake. Tila hindi man lang natigatig ang babae sa balita na wala na si Jasmin. Itinanong niya rito ang dahilan.

“Sanay na ako na wala si Jasmin. At gusto kong tulungan ang lola mo. Hindi ako puwedeng magpadala sa nararamdaman ko.” Kahit paano ay may concern na rin ito sa dalaga, sa buong pamilya Costales. Napakatagal na panahon na itong naglilingkod kay Nyora Idad.

“Pasensya na. Curious lang ako.”

“Huwag mong alalahanin iyon. Apat lang tayo na nakatira sa mansion. Ikaw, ako, ang lola at papa mo.” Nagtulong sila sa mga bagahe. “May sariling quarters ang mga katulong. Makikita mo ang pamilya ni Mang Val,” tukoy nito sa tahimik na driver. “May sarili silang tinutuluyan sa likod ng mansion.”

“Wala ba akong mga pinsan?”

“Mayroon. Sa mga pamangkin ng doña. I have to warn you. Hindi nila kasundo si Jasmin. Kung mayroon kang hindi kilala, huwag mong pansinin. Inaasahan na nila iyon sa kakambal mo.”

Magkasunod silang lumabas ng hotel room. Nangunguna siya sa paglakad.

“Jasmin?”

Inulit pa nito ang pangalan bago niya na-realize na siya ang tinatawag nito.

“Pasensya na. Talagang kailangan kong sanayin ang sarili ko na tinatawag sa pangalang iyan.”

“Ano ba ang buong pangalan mo?”

“Joana Mae. Joana Mae Cheng. ‘JM’ ang tawag sa akin.”

“Kung gayon pareho ang initials ninyo ni Jasmin. Jasmin Mae ang buong pangalan niya. Maraming problema ang idudulot ng pagpapel mo bilang si Jasmin. Gusto kong malaman mo na kakampi mo ako,” sinserong pahayag ng babae

Nasa labas na sila ng hotel, hinihintay ang kotse.

“Salamat, Claire.” Nabigla ang nakakatandang babae nang yakapin niya ito.

“Ikinagagalak kitang makilala, Joana.”

Ibinigay sa kanya ni Claire ang isang kuwarto sa

unang palapag ng bahay.

“Maaari mo nang puntahan ang lola mo,” anito, nakatayo sa pintuan.

“Maupo ka muna, Claire.”

Sumunod ang babae. Ginamit nito ang silya sa harap ng tokador na may malaking salamin. “Nabuksan mo na ba ang mga closets?”

Tumango siya. “Hindi ko kayang isuot ang mga damit niya.” Ayaw niyang bigkasin ang pangalan ng kakambal. Hindi ba kawalang-respeto rito ang pag-angkin niya sa pagkatao nito?

“Mas makakatulong sa pagpapanggap mo kung gagawin mo iyon,” payo nito.

“Hindi ko yata kaya.” Hindi pa man nag-uumpisa ay sumusuko na si Joana.

“Sapat na ang mukha mo. Come to think of it, parang may hawig din ang boses ninyo. Although yours is softer.”

Napailing siya. “Mahirap gawin iyon sa mga taong kilala ka simula pagkabata. Nakilala ako ni... ng aking... papa, alam mo ba iyon?”

“Iba iyon. Alam ng papa mo na patay na si

Jasmin.”

Kapwa sila natigilan sa katotohanang iyon.

“Sana nagkita kami bago nangyari ito. Kahit minsan lang.” Naroon ang sinseridad sa hiling. Gustong maawa ni Claire sa dalaga.

Kumatok si Joana sa silid ng abuela.

“Tuloy.”

“Lola.” Abot-abot ang tibok ng kanyang puso. Lumapit siya para halikan ang matanda.

“Dumating ka na pala, hija. Akala ko ay hanggang Sabado ka pa sa Baguio?” Nakaupo si Nyora Idad sa kama nito, nakasandal sa headboard, wala na sa librong binabasa kanina ang atensyon.

“Nainip po ako.” Pinilit niyang ngumiti. Umupo siya sa dulo ng kama para suportahan ang nanginginig na mga tuhod.

“Hindi kaya na-miss mo lang si Neo?” anito, pero hindi nahagip ni Joana ang pagbibiro sa himig nito.

“Neo?”

Napatawa ang kausap. “Hija, huwag mong

sabihing nakalimutan mo ang mapapangasawa mo.”

Nanuyo ang lalamunan niya. Nakalimutan ni Claire at ng kanyang papa na sabihin sa kanya ang tungkol doon. Nakabuti na rin ang pang-iinsulto ng Andrea na iyon.

“Jasmin?” Inayos ng abuela ang makapal nitong salamin sa mata.

Buti at kaagad siyang nakapag-angat ng tingin. “Bakit... p... Lola?”

“Nag-aalinlangan ka ba kay Neo? Naalala ko nang sabihin mong hindi na magbabago ang isip mo sa kanya.”

Nanghuhuli pa siya ng isasagot kaya hindi niya matingnan ang abuela sa mga mata. “I’ve a prerogative to change my mind anytime, Lola.” Talaga bang magkaparehas ang tinig nila ni Jasmin? Sinabi ni Claire ay diinan lang niya nang kaunti ang pagsasalita.

Noon siya tumingin nang derecho kay Nyora Idad. Kung hindi niya kayang itago ang sarili rito ngayon, sayang ang plano ng ama. Ayaw niyang biguin ito sa nag-iisang pabor na hiningi sa kanya. Pero gaano katagal niya kayang itago ang katotohanan?

“Nag-away ba kayo ni Neo?” usisa nito.

“Matanda na kami para mag-away,” sagot ni Joana.

Hinagip ng doña ang librong ibinaba kanina at hinanap muli ang pahinang binabasa kanina. Bihirang seryoso ang tono ni Jasmin. Marahil nga ay hindi nito dapat pinanghimasukan ang ukol sa pakikipagrelasyon nito, naisip ng matanda. Hindi na batang walang muwang ang apo.

Pinagmasdan ni Joana ang abuela na itinuloy na ang pagbabasa. Sa kabila ng mga gatla nito sa noo ay naroon ang pagkakahawig nito sa kanyang ama. Kakaiba ang kasiyahang hatid sa kanya na makakilala ng isang kapamilya, isang malapit at tunay na kamag-anak. Nakapanghihinayang na hindi siya nakikilala nito, bilang ang totoong siya. Hindi siguro ito likas na matanong at ipinagpapasalamat niya iyon. Pero hanggang kailan bago nito matuklasan na nagpapanggap lamang siya?

“Kumusta naman kayo, Lola? Ano ang sabi ng doctor ninyo?” pag-iiba niya ng usapan.

“Huwag mo nang itanong. Makulit iyong si Dr. Perez. Kapag sinunod ko ang lahat ng gusto niya ay lalong madadali ang buhay ko.”

Napatawa si Joana sa kaprangkahan ng matanda. Pero napawi ang ngiti niya nang maalala ang tungkol sa fiancé ni Jasmin na dapat harapin. Anong klase ng relasyon mayroon ang mga ito? Handa siyang magpanggap... pero may limitasyon ang pabor na ginagawa niya.

Minsan ay iminungkahi ni Joana kay Nyora Idad na siya na lamang ang magbabasa ng libro para rito pero tumanggi ang matanda, idinugtong na kilala siyang walang tiyaga sa mga libro. Araw-araw ay nadaragdagan ang mga pagkakaiba nila ni Jasmin. May pagkakatulad pa ba sila maliban sa panlabas na anyo?

Itinanong ng abuela minsan kung bakit hindi na siya nagsu-swimming sa pool tuwing umaga. Champion swimmer umano si Jasmin. Nagdahilan na lamang siya na wala sa mood mag-ensayo. Walang kuwestyon na tinanggap nito iyon. Nang magkomento ito na hindi siya napapansing lumalabas kapag gabi ay sinabi niyang out-of-town ang mga kaibigan na madalas niyang kasama sa gimikan.

Itinanong niya kay Claire kung ano ang pinagkakaabalahan ni Jasmin, kung ano ang trabaho nito. Ayon sa babae ay magpakita't dili ang kakambal

niya sa opisina ng ama bilang legal researcher. Pinagtutuloy ito ni Justino Costales sa law school, pero lagi na ay may dahilan ito para tumigil sa pag-aaral. Kaya sanay na ang kanyang abuela na nasa bahay lamang si Jasmin. Nag-oopisina ito kung kailan nito gusto.

Sa Australia ay employada si Joana sa isang travel agency. She took a leave para sa bahaging ito ng buhay at pagkatao niya. Pero pag nagtagal pa siya rito sa Pilipinas ay baka wala na siyang balikang trabaho sa adopted country niya.

Hindi mapakali si Joana at napansin iyon ni Claire.

“May problema ka ba?” tanong nito, sumunod sa kuwarto niya. Isinara nito ang pinto.

“Dumating na ang mga kapatid ko. Tinawagan ako ni Andrew sa cell phone para ipaalam na nasa hotel na sila.”

“M-may mga kapatid ka pala,” mahina nitong komento. Bakit ba hindi nito naisip ang posibilidad na iyon?

“Oo, nag-asawa ang Mama noong nasa first

grade ako sa isang Chinese-American. May anak siya na matanda sa akin nang apat na taon, si Andrew. Nagkaanak si Mama kay Uncle Tony after two years. Bunso namin si Adrian. Dati nang umuuwi ng Pilipinas si Andrew—business assignments, family ties. Filipina ang mama niya so narito ang mga grandparents niya. His mother died when she gave birth to Andrew. First time naman namin ni Adrian sa Pilipinas.”

“Hindi ko sinasadyang mag-usisa.”

“Aayos lang,” nakangiting tugon niya.

“Masaya pala ang mama mo.” Alam ni Claire na hindi kasal ang ina ni Joana kay Justino. “Kumusta na siya ngayon?”

“Hindi ba naikuwento ni Papa na may tatlong taon na rin na wala si Mama?”

Hindi ito umimik. Naalala ng empleyada noong matagal na walang kibo ang ama ng dalaga. Maaari kayang alam nito ang nangyari kay Marian na ina ni Joana kahit nasa ibang bansa ito?

“Kailan kayo umalis na mag-ina dito sa Pilipinas?”

“Mga apat na taon siguro ako noon. Hindi ko na gaanong matandaan. Hindi ko alam ang dahilang ibinigay ng papa ko nang biglang na lamang siyang

mag-uwi ng sanggol dito at ipakilalang anak niya. Si Jasmin iyon. Wala siyang kinalakhang ina.”

“Naroon si Nyora Idad para sa kanya.”

“I’m thankful for that. Claire, ano ba ang dapat kong gawin? Sasabihin ko ba sa mga kapatid ko ang tungkol dito?”

“Iyon ang pinakamabuti sa palagay ko. Magkikita ba kayo ngayon?”

Tumango si Joana. “Sa restaurant ng hotel na tinutuluyan nila. Samahan mo naman ako.”

Nakita ni Neo nang pumasok sa glass doors ng restaurant si Jasmin. Kasama nito si Claire, ang personal secretary ni Nyora Idad. May ilang mesa rin ang pagitan ng puwesto niya mula sa mga ito. Nakita niyang inikot ng paningin ng dalaga ang lugar, pero tila hindi siya nakita nito. Hindi niya alam kung bakit pero tila nakaramdam siya ng inis. Nakapagtataka. Dati ay naiinis siya dahil sa atensyon na iniuukol ni Jasmin sa kanya. Naupo si Claire sa tapat nito, kaya sigurado si Neo na hindi siya nakita ng nakatatandang babae.

Sandali pa ay dumating na ang ka-appointment

niya, si Rob Ortiz. Tumayo siya at nakipagkamay rito. Ang totoo ay pinakiusapan lang siya ng presidente ng kanilang kompanya na i-meet ang kaibigan nito na vice president naman ng kanilang sister company. Biglaan ang pag-alis ng kanilang boss papuntang U.S. at sa kanya ipinabahala ang pagsasara ng isang contract na originally ay naka-assign sa sister company nila.

Habang kumakain sila ni Rob ay hindi niya namamalayang nadadako ang kanyang tingin sa fiancée. Nakita niya nang tumayo ang dalaga mula sa upuan nito at salubungin ang isang lalaki. Parang may humila sa puso niya. Hindi niya iyon maintindihan. Wala siyang gusto kay Jasmin! Pitong buwan na silang magnobyong at kung ang babae ang masusunod ay hindi lang halik ang mamamagitan sa kanila. Hindi siya maaaring magkaroon ng malalim na pagtingin sa isang kagaya ni Jasmin.

Kasamang dumating ng lalaki ang isang binatilyo. Inayos ni Jasmin ang kuwelyo nito. Napakamot sa batok ang mas nakababatang lalaki. He didn't know that his fiancée was capable of such tenderness. Naupo sa tabi nito ang lalaking unang sinalubong nito. Naramdaman ni Neo ang parang suntok sa sikmura nang abutin ng babae ang braso ng lalaking katabi nito.

“Are you acquainted with Andrew Cheng?”
tanong ni Rob.

Napatingin siya sa kaharap. “Andrew Cheng?”

“Napansin ko na kanina ka pa nakatingin sa table nila. Or is it the *girl* you’re familiar with?” biro nito.

Hindi niya pinansin iyon. “How did you come to know Andrew Cheng?” So that’s *his* name. Pero hindi gaanong binili ng kausap ang sagot niya.

“He designed a software for our company a few months back. Ako ang assigned sa project na iyon so it was imperative that we meet.” Muli itong lumington sa mesa na kinaroroonan ng apat. “I can’t say I blame you for neglecting your meal. She is an exquisite piece of work.” Tumingin si Rob sa kanya. “But I can see that she is already taken.”

Gustong sumagot ni Neo. *Yes, she’s taken. By me. Akin siya.* Pero nanahimik siya, sinikap ituon ang pansin sa kanilang pag-uusap at huwag nang muling idako ang tingin sa kinaroroonan ni Jasmin. She never had this effect on him. Kahit kapag lumalabas sila at may kinakausap na ibang lalaki ang nobya ay bale-wala sa kanya. Wala siyang pakialam kapag ikinukuwento ni Gabriel na nakita nitong may ibang kasama ang dalaga. Pero bakit ngayon, sa tila

inosenteng pagkikita na iyon ay parang gusto niyang magwala at komprontahin ito kaagad?

“I have another appointment in thirty minutes,” aniya. It was five in the afternoon. Kailangan pa niyang bumalik ng opisina para sa appointment. Mula sa sulok ng kanyang mata ay nakita niyang lumabas ng restaurant ang apat. He could see that they only ordered drinks.

“It’s nice seeing you again, Neo,” ani Rob. “I hope you get to close the deal. I can’t say na hindi ako nanghihinayang dahil nawala sa amin ang chance. Pero since sa inyo naman napunta, na sister company namin, it’s not really a loss.”

“That’s good to hear,” aniya. Nais na niyang makaalis sa lugar na iyon. Kokomprontahin niya si Jasmin. As far as he was concerned, his pride was at stake. And who knows, this time, magkakahiwalay na sila nang tuluyan? Hindi ba’t iyon talaga ang gusto niya?

“Nag-aaral pa si Adrian?” tanong ni Claire. Naghihintay sila noon ni Joana sa restaurant.

Tumango ang dalaga. “Software programmer and engineer naman si Andrew,” boluntaryo niya.

“Saan siya nagtatrabaho?”

“His job assigns him everywhere. Pero malimit siyang umuwi ng Pilipinas dahil narito nga ang pamilya ng kanyang mama.”

Tumayo si Joana. Papalapit sa kanila ang dalawang lalaki. Bagaman fourteen years old pa lamang ay halos kasing-takad na ni Adrian ang kapatid na lalaki.

Nakamasid si Claire nang abutin ni Joana ang kuwelyo ni Adrian at maingat na ayusin iyon. Itinago ng binatilyo ang napapahiyang ngiti. Mas matingkad ang pagkakayumanggi ng kutis ng binata. Napakaboyish ng hitsura nito, at maliban sa mga mata nitong dark brown sa malapitan, ay wala na itong gaanong pagkakahawig kay Andrew. Napansin ng personal secretary ang tahimik na pagmamasid ni Andrew kina Joana at Adrian habang nakangiti.

Drinks lang ang in-order nila.

Inabot ni Joana ang braso ng stepbrother na nakaupo sa kanyang tabi. “Puwede mo ba akong tulungan?”

“Anong tulong, Joana?”

“Umpisahan mo sa pagtawag sa akin ng

Jasmin’.” Gusto niyang titigan si Andrew hanggang sa maramdaman nito kung gaano siya kadesperada sa suporta nito.

“Sasamahan namin kayo pabalik sa tinutuluyan n’yo para alam ko kung saan ka nakatira,” tanging sagot nito. When he had paid the bill ay nag-aya na itong umalis. Wala siyang nagawa kundi sumunod.

“Andrew!” habol ni Joana sa mabibilis na hakbang ng stepbrother.

Lumingon ang tinawag na noon ay nasa lobby na ng hotel. Narinig ni Claire na napasinghap ang isang hotel guest na nagdaan sa harap ng lalaki. Kakaiba nga siguro ang pang-akit ni Andrew para sa mga kaedad nito. Mahirap itong maging kasintahan. Sa guwapo nito, tiyak na maraming magseselos.

“Yes?” Naroon ang pagtutol na tawagin siyang Jasmin’.

“Thank you,” aniya at bahagyang tumungo. Tutulungan siya ni Andrew, tiyak niya iyon.

Ngumiti ang binata bagaman tipid iyon, na para bang iyon ang isang bagay na hindi nito kayang ipagkait kay Joana. Saka lang lubusang umaliwalas ang mukha ng huli.

3

Pinatuloy ni Claire sina Andrew at Adrian sa mansyon. Alam nitong makasisiya iyon kay Joana. Hindi man inaasahan ni Andrew ang imbitasyon ay nagpaunlak ito. Tutol ito sa ginagawa ng stepsister pero sadyang may sariling isip at desisyon si Joana.

Pagpasok nila sa loob ay naroon ang mga pinsan umano ni Jasmin. Halos dalawang pamilya ang bisita ni Nyora Idad. Kapansin-pansin na sina Andrew at Adrian lamang ang mga lalaki.

“Hija, hindi mo ba kukumustahin ang mga pinsan mo?” umpisa ng doña.

“Magandang hapon,” ani Joana. Ipinakilala niya ang mga kasama bilang mga kaibigan.

“Saan mo sila nakilala, Jasmin?” tanong ng isa na ipinapalagay ni Joana na tiyahin.

“Sa school,” pagkakaila niya.

Pinaupo ni Claire ang dalawang lalaki.

“Alam ba ng kasintahan mo na lumalabas ka kasama nila?” tanong ng isang pinsang kasing-edad niya marahil. Natatandaan niya ito buhat sa larawang

ipinakita sa kanya ni Claire.

“Hindi pa, Trisha.” Naramdaman niya ang mga mata ni Andrew at parang naririnig ang tanong: Kasintahan? “Kagagaling lang nila ng Australia,” patuloy niya.

“What a coincidence!” palatak ng isang dalagita. “Magbabakasyon kaming magkapatid sa Sydney this summer.” Si Anna. Si Allen ang kapatid na tinutukoy nito.

“Baka sumama rin ako sa kanila. But I already visited Australia last year. Sayang talaga, Jasmin, at hindi ka makakasama,” ani Trisha na parang siguradong-sigurado. “Di ba kasi, you have to take care of Lola,” dugtong nito. There was one word to describe her: plastic.

Napaubo si Adrian. Blangkong tinapunan ito ng tingin ni Andrew. Kung hindi ito nakapangako kay Joana ay baka walang nasabi sa pagkapahiya ang mapupulang labi ni Trisha.

“Hindi ka pa nakakapunta ng Australia, di ba, Jasmin?” patuloy ng intremitidang pinsan.

“Hindi pa,” pagsisinungaling niya. *Doon lang naman ako lumaki.*

“Dito na rin kayo maghapunan,” pag-iimbata ni Nyora Idad sa dalawang lalaki. “Gusto ko pa kayong makilala.”

“Sa susunod na lang po,” tanggi ni Andrew. “Hindi ko po inaasahan na malayo ito sa hotel na tinutuluyan namin.”

“Kung gayon ay sige, aasahan ko sa susunod na pagkakataon.” Nakita ng doña na hinagip ng apo ang mga mata ni Andrew. “Puwedeng dito din kayo tumuloy.”

Napatingin si Joana sa abuela. She didn’t know of Andrew’s plans. Business ang dahilan kaya ito umuwi. She just hoped na hindi makakasira sa mga plano nito ang pagtulong sa kanya.

Tumayo na ang stepbrother at sumunod si Adrian. “Pag-iisipan po namin. Salamat po sa imbitasyon. Magpapaalam na po kami.”

“Sasamahan ko lang sila sandali, Lola,” pasintabi niya sa matanda at sa mga naroon. Tahimik siyang sumabay sa dalawa. Naghihintay sa kanila si Claire sa garahe. Nagpaalam ito sa kanya na ipapalabas ang kotse kay Mang Val at ipapahatid ang mga kapatid niya.

“Ano’ng problema ng mga pinsan mo?” ani

Andrew; nakatayo lang sa tabi nito si Adrian.

Kinakabahan siya sa tono nito, tila magbabago ang isip tungkol sa pagtulong sa kanya.

“Si Jasmin.” Kumunot ang noo nito. “Si Jasmin ang problema nila. Ako,” paliwanag niya.

“What do you mean?”

“From what I gathered, she’s not a very lovable character, she had this attitude of antagonizing people just by being herself. But from what I’ve seen of her—*our* cousins, maybe she had her reasons. Don’t worry, kaya ko ito.”

“Trust her, Kuya Andrew,” susog ni Adrian na inakbayan pa siya. Joana saw him stifle a yawn.

“Pumasok ka na sa sasakyan,” utos niya. He gave her a mock salute at iniwan na sila ni Andrew upang magtungo sa kotse. Niyakap ni Joana ang sarili. Parang bigla siyang nilamig. “I’ll be fine, Andrew.”

“I wish I could be as confident as you.” Nagulat siya nang yakapin siya ng stepbrother. Gusto niyang mapaiyak. He used to tease her of being a crybaby.

Dahil yakap siya ng kapatid, hindi niya kaagad napansin nang pumasok sa garahe ang silver gray *Lexus IS 300*. Bumaba roon ang isang lalaki. Kumalas

siya sa mga braso ni Andrew pagkakita sa bagong dating.

“Is he one of your cousins?” tanong ng stepbrother.

“Siguro...”

“Iwan ko na kayo kung ganoon. Maybe I’ll meet him some other day. I don’t think I can take any more pretend games tonight.” Iniwan na siya ni Andrew para sumunod sa kanilang kapatid. Tinungo naman ng bagong dating ang puwesto niya.

Ilang sandali pa, umalis na ang kotseng minamaneho ni Mang Val. Naroon pa rin si Claire sa labas ng gate. Bakit hindi pa ito pumasok?

Walang kangiti-ngiti ang ekspresyon ng bagong dating.

“Jasmin,” bati nito nang makalapit.

“Sa loob na lang tayo mag-usap. Nandito na ang mga pinsan nat—” Pero bago pa siya nakatalikod ay nahawakan ng lalaki ang kanyang braso. Magaan lang iyon pero tila walang balak na pakawalan siya. Tiningnan niya ito. “My arm, please,” untag niya.

Binitiwang nito iyon. “May kailangan ba akong

malaman?”

Kinabahan si Joana. Mukhang di tulad ng mga pinsan niya sa loob, hindi mababaw ang isang ito. He looked... sincere.

“Tungkol saan?” naguguluhang tanong niya.

“Neo!” malakas na bati ni Claire. “Napadalaw ka. Papasukin mo muna ang nobyo mo, Jasmin.” Parang tuwang-tuwa ang babae.

Nanlalaki ang mga mata na napabaling siya sa babae dahil sa narinig mula rito. *Nobyong Ito ang lalaking dapat pakakasalan ni Jasmin?* Lihim siyang napalunok. Ibinalik niya ang pansin sa ‘katipan’.

“Gusto mo bang pumasok?” tanong niya.

“Mas gusto kong makausap ka,” tugon nito.

“Sa garden na lang tayo,” aniya.

Madilim sa bahaging iyon ng bakuran at dahil hindi pa niya kabisado ay natisod siya. “Aww!” Biglang humarap si Neo na nauna sa paglalakad at sumalya naman siya sa dibdib nito. “Ouch!”

“Are you okay?” Nakatingin ito sa kamay niya na nasa kanyang balikat na tumama sa dibdib nito. Ibinaba niya iyon. There was a flicker of something

in his eyes that was lost in a second.

Baka imahinasyon ko lang, naisip ni Joana. “Dito ka na mag-dinner,” alangan niyang imbitasyon. Paano ba ito inaasikaso ni Jasmin? What type of relationship did the two have?

“May problema ba tayo, Jasmin?”

“W-wala naman...” *It’s a very big problem. Hindi ko alam kung saan mag-uumpisa.*

“May gusto ka bang sabihin sa akin?” *Tungkol kay Andrew Cheng...*

Naupo sila sa isang kiosk sa garden. Pinagmasdan ni Neo ang babae. Sa tagal ng relasyon nila ni Jasmin, ngayon lang siya tumuntong sa pamamahay ng dalaga nang di nagdadalawang-isip. Nakaharap siya ngayon sa isang mala-anghel na mukha. Iyon na siguro ang pinakamagandang mukha na nakita ng binata. Kung hindi niya kilala si Jasmin ay baka nadala siya sa kariktang iyon.

“Pumasok na tayo. Malamig na rito,” ani Joana.

“Nag-aalala ka?”

“Wala ba akong karapatang mag-aalala?”

Gusto niyang magalit sa paraan ng pagsagot nito

sa kanya. *Ganyan mo ba tratuhin ang kapatid ko?* gusto niyang itanong dito.

I should have known, sita ng dalaga sa sarili. Ito marahil ang usapan na ayaw buksan ni Claire. Walang gusto si Neo sa kanyang kakambal. Masisisi ba niya ang kapatid sa paghanap ng iba? Nahahalata ba ng binata ang pagkailang niya ngayon? Ano ang dapat niyang gawin?

“Papasok lang ako para magpaalam sa lola mo. I can’t stay for dinner.”

Tumango lang siya. Mukhang wala siyang magiging problema sa isang ito kung relasyon ang pag-uusapan. Kung matatawag ngang relasyon ang mayroon ito at si Jasmin. It was more the lack of it. Alam na ni Joana ang gagawin. Sasabihin niya rito ang tungkol sa palabas nila.

“Puwede ba tayong lumabas some time?” tanong niya. The sooner she told him, the better.

“Why not?” Nabigla si Neo sa sarili, kung saan nanggaling ang dagliang pagpayag. “Ikaw naman lagi ang nag-aaya, hindi ba?”

Hindi niya pinansin iyon. “And we’ve been engaged for...”

“Seven months. Paano ko ba makakalimutan?”

Tila gusto nitong sagutin niya ang mapang-insultong tanong. The man was so bitter, gusto na niya itong palayain nang mga oras na iyon kung maaari lang.

“Neo...”

Tiningnan nito ang dalaga. Something was pulling at his heartstrings sa pagbanggit niya sa pangalan nito. Could she be as genuine as she sounded? He never heard her voice to be so sweet...

Gusto nitong iuntog ang ulo. He must be going crazy. His standards must be dropping kung naakit siya ng isang gaya ni Jasmin.

“I’m not sure kung kailan ako free. Tatawag na lang ako.”

“May gusto lang akong malaman.”

“Ask away,” anito.

“We both know that this is not a love match. Not on your side, at least. At hindi ikaw ang taong magpapa-manipulate. Nagtataka lang ako kung bakit pumayag ka na ma-engage sa ka... sa akin.”

“Come on, Jasmin. Alam mo ang sagot diyan.”

“I honestly don’t.” Seryoso niya itong tinitigan.

“Then, I’ll humor you. It’s because we both know that you are not the marrying kind. Not the kind that lasts, anyway—kung aabot man tayo sa puntong iyon. This is not a love match on your side, either. And one of these days, I’m sure that you’ll be the one to break this farce of a relationship.”

Natigilan si Joana. How true. Iyon talaga ang plano niya. Although for an entirely different reason. Pero bakit parang ngayon pa lang ay nanghihinayang siya na sa ganitong sirkumstansya sila nagkatagpo ng binata? She felt a stinging in her eyes. Inisip na lamang niya na para kay Jasmin iyon.

“Good night, Neo. Ingat ka sa pag-uwi. Mauuna na akong pumasok sa iyo.” It was a miracle that her voice didn’t break.

Nakita ni Neo na nangislap ang mga mata ng dalaga bago ito tuluyang nakatalikod. Gusto nitong sipain ang sarili. He never felt guilty toward Jasmin in the past. Ano ang nagbago at nagsisimula siyang makaramdam ng ganoon sa malamig na trato sa dalaga? He was aware na maraming ka-date si Jasmin sa kabila ng pagiging mag-fiancé nila. Bakit nang makita niyang kasama ng babae si Andrew Cheng kanina ay nabuhay ang proprietorial instincts niya?